BAHAYANI :

BAHAY PARA SA MGA BAYANI

Isa nang pangarap para sa isang ama ang mabigyan ang kaniyang pamilya ng sariling tahanan, kung saan handa niyang lingapin at patnubayan ang mga mahal sa buhay. Pero para sa isang sundalong nasawi sa Marawi siege, tila kalahati lamang ng pangarap niya ang matutupad.

Nang ako ay nasa Grade 12-STEM noong nakaraang taon, ako'y nag-work immersion sa Engineering Office ng NHA sa Southville 1, Cabuyao. Sa maghapong pag-eencode ng masterlist ng mga sundalo at pulis na pagkakalooban ng libreng pabahay, isang pangalan ang pumukaw sa aking pansin. Sa tapat nito ay may note na "Marawi war casualty".

Dalawang lote rin ang kaloob sa kaniya ngunit hindi tulad ng iba, ang kaloob na buhay at pagkakataon para makasama ang pamilya sa tahanang iyon ay wala na sa kaniya.

Sa totoo lamang, hindi ko siya kilala. Kung siya ba ay may sarili nang pamilya ay hindi ko rin tiyak. Ngunit sa isang bagay ako nakasisiguro: marami silang may kuwentong kahalintulad nito. Lumaban, nasawi at may naiwan. Sa kabilang banda, para naman sa kanilang pamilya: naiwan, may nasawing minamahal ngunit patuloy na lumalaban.

Sa huli, bilang duyan ng magigiting, ang bansa ay sumasaludo para sa mga taong may dalawang sumpang hindi tinalikuran, ang sumpa sa pamilya at sa tawag ng tungkulin sa bayan.

KENNEDICK D. UMALI
Southville 1,Cabuyao, Laguna